Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ginawaran ng award ni Mayor Patrick Brown si Henry F. Verschuren CD na Susi sa Lungsod ng Brampton



Nasa larawan: Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton at Henry F. Verschuren CD

BRAMPTON, ON (Disyembre 21, 2021) – Kagabi, binigyan ng award ni Mayor Patrick Brown si Henry F. Verschuren CD ng Susi sa Lungsod bilang pagkilala para sa kanyang outstanding na mga tagumpay at kontribusyon bilang Parade Commander ng Lungsod ng Brampton, at, Community Liaison for Royal Canadian Legion Major William Dwight Sharpe Branch 15.

**Tungkol kay Henry F Verschuren CD**

Sumali si Henry F. Verschuren CD sa Pipes and Drums of the Lorne Scots (Peel, Dufferin at Halton Regiment) 50 taon ang nakalipas bilang isang volunteer at naging Lead Drummer sa 1975. Mula rito, siya ay naging isang drum major, instructor, composer at Director ng Musika. Siya ay isang Life Member ng Regimental Association of The Lorne Scots at kanilang Liaison ng Pamahalaan at Komunidad. Siya ay isang Board of Directors din ng Regimental Museum ng The Lorne Scots.

Naugnay si Verschuren sa mga aktibidad sa Araw ng Paggunita (Remembrance Day) sa Brampton mula 1970. Ginampanan niya ang tungkulin ng lider bilang Parade Commander ng Lungsod ng Brampton sa 1997 at naging front at sentro mula noon. Bilang Liaison, nagtrabaho siya sa 139 Sea Cadets at 557 Lorne Scots Army Cadets. Nagtrabaho rin siya sa lahat ng apat na cadet corps na inisponsor ng Branch 15.

Sa pamamagitan ng kanyang walang tigil na commitment sa remembrance at mga beterano ng Brampton, nagsikap si Verschuren na ang mga event sa Araw ng Paggunita ay gawing nagsasali sa lahat, matanggal ang mga balakid sa pagsali at mahalaga sa paglikha ng mga bagong tradisyon tulad ng banner na proyekto ng Lungsod ng Brampton, pag-restore sa The Veteran statue, pag-instala ng Memorial Book tungo sa Cenotaph, at pagsiwalat sa Afghanistan Honours sa Brampton Cenotaph.

Si Verschuren ay tumanggap ng Canadian Decoration, Queen Elizabeth II Diamond Jubilee Medal, The Sovereign's Medal, The Minister of Veteran Affairs Commendation, at ilan pang mga legion medal. Nakatanggap din siya ng Long Term Volunteer Service Award para sa 35+ taon sa serbisyo.

**Tungkol sa Susi sa Lungsod**
Ang Susi sa Lungsod ay isang simbolikong parangal na ibinibigay ng Lungsod ng Brampton sa labis na pinapahalagahang kasapi ng komunidad, o isang hinahangaan o pinipitagang panauhin ng Lungsod, na nakagawa ng epekto sa mga buhay ng mga taong naninirahan sa Brampton. Ipinipresenta ito ayon sa pasya ng Mayor.

**Mga Quote**

"Lubos kong ikinararangal ang pagpresenta kay Henry F. Verschuren ng susi sa lungsod. Ang mga taon ng panunungkulan ni Henry sa lungsod at ng mga beterano sa Brampton ay talagang kahanga-hanga. Sa pamamagitan ng kanyang adbokasya at pasyon, nagsikap siya para ang pagdiriwang ng Araw ng Paggunita ng Lungsod ay magiging isang award-winning na serbisyo na nagsasali, madaling ma-access at isa sa iilan sa Canada na nagsagawa ng March Past, Roll Past, at Fly Past sa Paradang iyon. Salamat Henry, para sa inyong nagpapatuloy na commitment sa Brampton."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang pagtanggap ng Susi sa Lungsod mula kay Mayor Brown ay tunay na karangalan, Nakatataba ng puso na marinig ang mahabang talaan ng mga achievement at mga accomplishment paglipas ng mga taon, dahil hindi ko itinuring ito na trabaho. Palagi kong itinuturing ang aking sarili na parte ng team, at ang mga team na nasamahan ko ay eksepsyonal. Ang pagiging miyembro ng Lorne Scots sa loob ng 50 taon, isang Pangmahabang Panahon na Volunteer ng Lungsod ng Brampton sa loob ng 35 taon, at ang pagtataguyod para sa mga volunteer ay talagang pasyon ko. Ipinagmamalaki kong makapagsalita sa ngalan ng ating mga beterano para ipakita ang aking pasasalamat para sa kanilang serbisyo, at bilang isang Bramptonian sa buong buhay, talagang napakalaki nito para sa akin. Salamat.."

- *Henry F. Verschuren CD*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca